

## Ika-Labinlimang Linggo sa Karaniwang Panahon

Isaias 55:10–11; Roma 8:18–23; Mateo 13:1–23

### PANIMULA

Ilang taon na ang nakalilipas, may isang babae na nagkuwento ng isang simple ngunit kapansin-pansing kuwento. Nagpatala siya sa isang maliit na kurso sa paghahalaman sa lungsod. Sa pagtatapos ng unang sesyon, bawat kalahok ay tumanggap ng isang maliit na pakete ng mga binhi—walang espesyal, mga ordinaryong binhi lamang ng ligaw na bulaklak. Isang pangungusap lamang ang sinabi ng tagapagturo:

“Huwag ninyong hatulan ang mga binhing ito batay sa nakikita ninyo ngayon. Itanim lamang ninyo ang mga ito at pagkatiwalaan ang hindi ninyo nakikita.”

Nakalimutan niya ang mga ito. Naiwan ang pakete sa isang kahon sa loob ng ilang linggo. Ilang buwan pagkatapos, matapos hubaran ng isang bagyo ang isang pinabayaang sulok ng kanyang hardin, isinabog niya ang mga nakalimutang binhi nang halos walang malay. Wala munang nangyari sa loob ng mahabang

panahon. Pagkatapos, unti-unti, lumitaw ang mga berdeng usbong. Sa huli, ang dating walang laman na bahagi ay naging pinakamakulay na parte ng kanyang hardin.

Ang pinaka-nakatuon sa kanyang pansin ay hindi ang kagandahan, kundi ang pagtitiyagang nakatago sa loob ng proseso. Ang buhay ay gumagana na noon pa man, bago pa man may makitang anuman.

Nabubuhay tayo sa isang mundong mas gustong-gusto ang mabilisang resulta. Umaasa tayo ng agarang bunga sa trabaho, sa relasyon, at maging sa pananampalataya. Kapag walang nakikitang nangyayari kaagad, akala natin ay walang nangyayaring anuman. Gayunpaman, ang karamihan sa tunay na paglago—pantao man o pangkaluluwa—ay hindi sumusunod sa ganitong kawalang-pasensya.

Doon mismo nagsasalita ang mga Banal na Kasulatan sa araw na ito. Inaanyayahan tayong magtiwala sa kung ano ang nakatago, kilalanin ang kung ano ang mabagal, at maniwala na ang Diyos ay patuloy pa ring

gumagawa kahit na tila walang nangyayari sa ibabaw. Kaya't lumalapit tayo sa Kanya kasama ang ating mga pangangailangan at kabiguan, at kinikilala kung gaano kadalas nating hindi napapansin ang Kanyang tahimik na gawa sa atin.

## Homiliya

Minsan may isang lalaking nagkuwento tungkol sa pagmamana ng isang pinabayaang hardin sa likod ng kanyang bagong tahanan. Dati itong maganda, ngunit ngayon ay tinubuan na ng masukal na damo, matigas ang lupa sa ilang bahagi, mabato naman sa iba, at sagana sa tinik. Naisip niyang linisin ito lahat nang sabay-sabay, ngunit parang napakabigat itong gawin. Kaya't nagsimula siya sa isang maliit na bahagi. Kinalag niya ang lupa, inalis ang mga bato, binunot ang mga damo, at nagtanim ng ilang binhi. Sa loob ng ilang linggo, tila walang nangyayari. Pagkatapos, isang umaga, lumitaw ang maliliit na berdeng usbong. Ang maliit na sulok na iyon ay nagsimulang magbago. At

unti-unti, sa paglipas ng panahon, sinundan ito ng buong hardin.

Ang kuwentong iyon ay malapit na malapit sa sinasabi ni Hesus sa atin ngayon.

Ang tatlong pagbasa ay nagsasalita tungkol sa paglago—ngunit hindi ito mabilis, nakikita, o masusukat na paglago. Inihahalintulad ni Isaias ang Salita ng Diyos sa ulan at niyebe na tahimik na bumabagsak sa lupa, tumatagos, hindi nakikita, ngunit nagpapabunga rito. Sinasabi naman sa atin ni San Pablo na ang buong sangnilikha ay “dumaraing sa hirap ng panganganak,” hinihintay ang isang bagay na hindi pa lubusang nakikita. At binigyan tayo ni Hesus ng larawan ng isang manghahasik na nagkakat ng binhi—buong-buo, kahit tila walang ingat—sa lahat ng uri ng lupa.

Sa unang tingin, tila hindi maganda ang epekto nito. Mukhang nasasayang ang karamihan sa binhi: may nahuhulog sa daan, may sa mabatong lupa, may sa gitna ng mga tinik. Bahagi lamang nito ang

namumunga. Ngunit hindi tinuturuan ni Hesus ang tamang paraan ng pagsasaka. Ipinapahayag Niya kung paano gumagawa ang Diyos.

Hindi kinakalkula ng Diyos bago Siya magbigay. Hindi Siya naghihintay ng pinakamainam na kalagayan. Ikinakalat ang binhi kahit saan—sa bawat uri ng buhay, bawat uri ng puso, bawat uri ng kalagayan. Sapagkat nagtitiwala ang Diyos sa kapangyarihan ng binhi.

At binabago nito kung paano natin nauunawaan ang ating mga buhay.

Sanay tayong sukatin ang mga bagay: tagumpay at kabiguan, pag-unlad at resulta. Kapag tila walang nangyayari, inaakala nating walang nangyayari. Ngunit sinasabi sa atin ng larawan ng binhi na iba pala ito. Ang ilan sa pinakamahalagang paglago sa buhay ay nakatago. Tulad ng batang nagmamasid sa mga binhi sa bintana, maaaring wala tayong makita sa mahabang panahon. Ngunit sa ilalim ng ibabaw, may isang bagay nang gumagawa.

May isang kuwento tungkol sa kawayan na naglalarawan nito. Pagkatapos itanim, sa loob ng ilang taon ay walang nakikitang paglago. Dinidiligan mo ito, inaalagaan mo ito, at wala pa ring lumalabas. Pagkatapos, biglang, sa loob ng maikling panahon, mabilis itong tumaas. Ngunit ang tunay na paglago ay nangyayari na sa ilalim ng lupa sa buong panahong iyon—kumakalat ang mga ugat, nabubuo ang pundasyon.

Ganito rin kadalas ang pananampalataya. Panalanging pakiramdam ay tuyo. Mga pagsisikap na tila walang bunga. Mga relasyon na hindi mabilis gumaling. Maaaring pakiramdam ito ay tigang na lupa. Ngunit sinasabi ng Ebanghelyo: huwag ito agad husgahan. Buhay ang binhi.

Ngunit si Hesus ay lubos ding makatotohanan. Hindi lahat ng lupa ay tumatanggap ng binhi sa parehong paraan. At kung tapat tayo sa ating sarili, makikilala natin ang lahat ng apat na uri ng lupa sa loob natin.

Minsan tayo ay tulad ng daan—matigas dahil sa gawi o kabiguan. Nadadama natin ang Salita, ngunit hindi ito tumatagos nang malalim.

Minsan tayo ay tulad ng mabatong lupa—mabilis tumugon nang may sigla, ngunit walang ugat. Kapag dumating ang kahirapan, kumukupas ang pananampalataya.

Minsan tayo ay tulad ng lupang tinikan—nagsisimula ang mabubuting bagay, ngunit unti-unti itong nasasakal ng mga alalahanin, pagkagambala, at ambisyon. Hindi ito masasamang bagay—masyado lamang itong marami.

At kung minsan—marahil mas madalas kaysa sa iniisip natin—tayo ay mabuting lupa. Tahimik na nag-uugat ang Salita at nagsisimulang baguhin tayo: sa pasensya, sa pagpapatawad, sa maliliit na gawa ng pagmamahal na walang nakakapansin.

Kaya't ang tanong ay hindi: “Ako ba ay mabuti o masamang lupa?” Ang mas tapat na tanong ay: “Ano ang nangyayari sa lupa ng aking buhay sa ngayon?”

Sapagkat ang lupa ay maaaring magbago.

Ang matigas na daan ay maaaring buksan. Ang mabatong lupa ay maaaring palalimin. Ang mga tinik ay maaaring linisin. Tulad ng lalaking iyon sa hardin, hindi natin kailangang ayusin lahat sabay-sabay. Kahit isang maliit na espasyong ibinigay sa Diyos ay sapat na para magsimula ang isang bagay.

May isa pang simpleng kuwento. Minsan ay may isang gumagawa ng sabon na nagreklamo sa isang pari: “Matagal nang umiiral ang Kristiyanismo sa loob ng mga siglo, at tingnan mo ang mundo—napakarami pa ring kasamaan.” Walang sinabi ang pari, ngunit itinuro niya ang isang maruming batang naglalaro sa kalye at sumagot, “May sabon din, ngunit gumagana lamang ito kapag ginamit.” Pagkatapos ay dinagdag niya, “Ganoon din ang pananampalataya.”

Kailangang tanggapin ang binhi.

At ito ay nagpapatotoo sa atin pa. Ang talinghaga ay hindi lamang tungkol sa pagiging lupa. Tayo rin, sa isang paraan, ang binhi—at ang manghahasik.

Tayo ang binhi: bawat isa sa ating buhay ay isang bagay na itinanim ng Diyos sa mundong ito upang lumago at magbunga. Kadalasan, hindi natin nakikita ang bunga sa ating sarili. Ngunit sa paglipas ng panahon—kung minsan sa paggunita lamang natin ito—napagtatanto natin na may lumalaki: sa ating pagkatao, sa ating mga relasyon, sa tahimik na katapatan.

At tayo rin ang manghahasik. Araw-araw, naghahasik tayo ng mga binhi—sa ating sinasabi, sa ating ginagawa, sa kung paano natin tinuturing ang iba. Naghahasik ang mga magulang sa kanilang mga anak. Naghahasik ang mga kaibigan sa isa't isa. Kahit isang salita, isang kilos, isang linya ng Kasulatan, ay maaaring mag-ugat sa buhay ng iba sa mga paraang hindi natin malamang makikita.

Isang simpleng halimbawa: isang pamilyang magkasamang nagbabasa ng maikling talata ng Kasulatan tuwing gabi. Walang kahanga-hanga. Ngunit sa paglipas ng panahon, isang naiibang espiritu ang

humuhubog sa tahananang iyon—higit na pasensya, higit na pag-unawa, higit na pagpapatawad. Maliit ang binhi, ngunit totoo ito.

At dito nagiging lubos na tunay ang pag-asa.

Sapagkat kadalasan tayo'y nangangamba. Tinitingnan natin ang mundo, o maging ang ating sariling buhay, at mas maraming tinik ang nakikita kaysa bunga. Lubos na nauunawaan ni San Pablo ang damdaming iyon: ang sangnilikha mismo ay “dumaraing.” Hindi pa tapos ang buhay. Maaaring ang pakiramdam ay marupok ang pananampalataya.

Ngunit hindi nagtatapos si Pablo sa kawalan ng pag-asa. Sinasabi niyang ito ay tulad ng hirap ng panganganak—may isinisilang.

At hindi tinapos ni Hesus ang Kanyang talinghaga sa mga nabigong binhi. Tinapos Niya ito sa pag-aani: tatlumpung ulit, animnapung ulit, sandaang ulit.

Iyan ang pangangatwiran ng Diyos. Hindi lahat ay namumunga—ngunit ang namumunga ay lampas sa inaasahan.

Kaya't ang paanyaya ngayon ay simple, ngunit hindi madali:

pagtiwalaan ang binhi, gumawa ng puwang sa lupa, at magpatuloy sa paghahasik.

Kahit na hindi natin nakikita ang resulta.

Kahit na mabagal ang paglago.

Kahit na tila marami ang nawawala.

Sapagkat ang kapangyarihan ay wala sa huli sa atin—nasa Salita ito na patuloy na ibinibigay ng Diyos, may kagandahang-loob, may katiyagaan, walang pagtantiya.

Hayaan ninyong tapusin ko sa isa pang kuwento.

Minsan ay nagbigay ang isang guro ng binhi sa bawat mag-aaral at hiniling na itanim ito sa isang tasa at ibalik pagkalipas ng isang linggo. Isang bata ang bumalik na may dalang walang laman na baso, nahihiyang sabi nya , “Dinilig ko ito araw-araw, ngunit

walang tumubo.” Ngumiti ang guro at sinabi, “Ikaw lamang ang tapat. Binigyan ko kayong lahat ng mga pinakuluang binhi—hindi na talaga ito maaaring tumubo.” Pinalitan ng iba ang kanilang binhi ng bago upang magmukhang matagumpay.

Pagkatapos ay sinabi ng guro, “Hindi maaaring gawagawa lamang ang paglago. Ngunit kung saan may tunay na buhay, kahit na ito ay nakatago, darating ito sa tamang panahon.”

Hindi hinihiling sa atin ng Diyos na magbunga ng nakikitang tagumpay. Hinihiling Niya ang mas tunay na bagay: bukas na isipan, pasensya, at katapatan.

Sapagkat ang Kanyang Salita—tulad ng ulan sa lupa, tulad ng binhi sa lupa—ay hindi babalik na walang bunga.

At sa mga paraang hindi pa natin nakikita, ito ay nagsisimula nang magdulot ng panibagong buhay.

Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr., Perth**